KASAYSAYAN NG MAPANGPANG ELEMENTARY SCHOOL

Ang Mapangpang Elementary School ay nag-iisang multi-grade School sa Debisyon ng Lungsod Agham ng Munoz, Siyam na kilometro ang layo nito sa Lungsod at apat na kilometro ang layo nito sa Debisyon. Ito ay naitatag taong 1954, sa pamumuno ni Kapitan Nicasio Urbano Sr. Ang unang naging guro ay si Antonia Reyes na siyang nagmamay-ari ng lupa na kinatititirikan ng eskwelan na may sukat 2,221 metro kwadrado. Ayon sa mga nakatatanda ipinagkaloob ni Gng. Reyes ang lupa bilang handog sa batang mag-aaral ng barangay. Ito ay nag simula lamang bilang Primarya, mula baitang 1 at 2, na pinangangasiwaan ng isang guro at nag-iisa lamang ang silid aralan. Sa paglipas ng maraming taon ito at nadagdagan hanggang ika-apat na baitang hangang taong 2009 at nadagdagan narin ng isa pang guro. subalit nanatiling saklaw parin ng San Felipe Elementary School sa pamamahala ni G. Manuel U. Fernandez.

Taong 2010, sa pagtutulungan ng namamahala sa eskwelahan at ng Sangguniang Barangay sa pamumuno ni Kapitana Jocelyn B. Desisto muling nadagdagan ng ikalima at ika anim na baitang at sila ay gumawa ng resolusyon at humiling sa Sangguniang Panglungsod ng karagdagang guro mula sa Local School Board at karagdagang gusali upang may magamit ang mga mag-aaral, at ito ay naisakatuparan. Hindi naglaon mula sa Paaralang Primarya ito ay naging Paaralang Elementarya ng Mapangpang sa panahon ng pamumuno ni Gng. Alicia U. Santos taong 2012.

Pagkalipas ng isang taon mula sa pagiging Paaralang Elementarya ng Mapangpang, nahiwalay ito sa pagkakasaklaw mula San Felipe Elementary School at nagkaroon ng sariling namamahala katauhan ni G. Christian Dela Cruz taong 2013-2014 na sinundan ni Gng. Michelle T. Jayme taong 2014-2017.

Sa kasalukuyan ang Paaralang Elementarya ng Mapangpang ay binubuo ng limang guro sa pamumuno ni Gng. Maricel D. Gilvoligaya, at may humigit kumulang 60 mag-aaral. May apat na silid-aralan, may computer room at may nagsisilibing tanggapan ng ulong-guro. Ang cyclone na bakod ay unti-unti ng nagiging konkreto. Mayroon na rin handwashing facility na magagamit ng mga mag-aaral. Ang Paaralang Elementarya ng Mapangpang ay aktibong sumusuporta sa lahat ng programa ng Barangay at Lungsod. Ang mga samahan ng mga magulang at guro at laging nagkaka-isa at nagtutulungan upang higit na mapaunlad at mapaganda ang paaralan para sa mga mag-aaral.

MARICEL D. GILVOLIGAYA
Head Teacher I